

- para makatulong sa inyo dahil sa isang kapansanan na nakapagpapahirap sa inyong magbasa.
- Nalaman ng isang worker ang inyong relihyon o politiko, at pagkatapos nag-iba ang pagtrato niya sa inyo.
- Hindi kayo makapunta sa mga appointment dahil walang elevator ang gusali ng county.
- Hindi ninyo maipasok ang inyong wheelchair sa loob ng mga silid para sa iksaminasyon, sa panayam o sa mga banyo.
- Mas madalas ipinadadala ang mga lalaki kaysa sa mga babae sa mga pagsasanay sa trabaho para sa mga posisyong mas matataas ang sahod.
- Ayaw kayong bigyan ng county ng pagsasanay dahil sinasabi nila na kayo ay “masyado nang matanda.”
- Hindi kayo pinahihintulatang mag-ampon ng sanggol dahil ibang lahi kayo.

MGA SUMBONG NG DISKRIMINASYON

Kung sa palagay ninyo kayo ay pinagdanas ng diskriminasyon, maaari kayong magsumite ng aplikasyon para sa sumbong na magkahiwalay sa County o sa Estado, at sa Gobyernong Pederal. Ang ahensyang Pederal na dapat ninyong pagsumbong ay batay sa kung anong programa ang sinusumbong ninyo. Maaari kayong mag-file ng sumbong ng diskriminasyon sa:

1. **PARA SA LAHAT NG MGA PROGRAMANG PINANGANGASIWAAN NG DEPARTAMENTO NG WELFARE NG COUNTY NINYO:** Ang Civil Rights Coordinator ng County. Hingin sa opisina ng county ninyo ang pangalan, address at numero ng telepono ng Civil Rights Coordinator nila. Mag-iimbestiga siya na may-kasarinlan tungkol sa inyong sumbong.
2. Civil Rights Bureau
California Department of Social Services
744 P Street, MS 8-16-70
Sacramento, CA 95814
(916) 654-2107
(866) 741-6241 (Toll-Free)
3. **PARA SA CALFRESH PROGRAM:**
United States Department of Agriculture
Director, Office of Civil Rights,
Room 326-W, Whitten Bldg.
1400 Independence Avenue, S.W.,
Washington, D.C. 20250-9410
(202) 720-6382 (voice and TTY)

4. **PARA SA LAHAT NG IBA PANG PROGRAMA:**
Health and Human Services
Office of Civil Rights
90 7th Street, Suite 4-100
San Francisco, CA 94103
(415) 437-8310 (voice)
(415) 437-8311 (TDD)

MGA TAKDA SA PANAHON PARA MAGSAGAWA NG AKSYON

Kung makaranas kayo ng diskriminasyon, kailangan ninyong isumite ang inyong sumbong sa loob ng 180 araw mula sa aktwal na diskriminasyon. Kung naapektuhan din ng diskriminasyon ang level ng inyong mga benepisyo at mga serbisyo, dapat kayong humiling din ng pagdinig ng estado sa loob ng 90 araw. Hindi mababago ng imbestigasyon ng diskriminasyon ang inyong mga level ng benepisyo o mga serbisyo...ang pagdinig ng estado lamang ang makagagawa niyan.

MGA TAKDA SA ILANG MGA KARAPATAN

Kahit na may karapatan kayo sa privacy at sa pagiging kompidensyal, mayroong ilang batas na nagpapahintulot ng mga limitadong eksepsyon. Maaari ninyong hilingin sa county iyong mga batas.

MGA TANONG

Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa mga karapatang nakalista dito, tawagan ang Public Inquiry Unit: libre ang tawag (800) 952-5253. Ang numero ng telepono para sa TDD na libre ang tawag ay (800) 952-8349.

MGA PROGRAMANG SAKLAW NITONG PAMPHLET

- Adoption Assistance Program (AAP) [Programang Tulong sa Pag-ampon]
- Adult Protective Services [Mga Lingkurang Pananggol sa mga Taong Nasa Hustong Gulang]
- Alcohol and Drug Program [Programang Nauukol sa Alkohol at Droga]
- California Food Assistance Program (CFAP) [Programang Tulong sa Pagkain ng California]
- Medi-Cal
- CalWORKs
- CalWORKs Child Care [Pag-aalaga ng Bata ng CalWORKs]
- CalWORKs Welfare-to-Work Program/Services [Programang Mga Serbisyo ng Mula sa Welfare Tungo sa Trabaho ng CalWORKs]
- Cash Assistance Program for Immigrants (CAPI) [Programang Salaping Tulong para sa Mga Imigrante]
- Child Welfare Services [Mga Lingkurang Pangkapakanan ng Bata]
- Denti-Cal

- Early & Periodic Screening, Diagnosis, and Treatment (EPSDT) [Maagap at Pana-panahong Screening, Diagnosis, at Paggagamot]
- CalFresh (Food Stamps) [Tulong na Pambili ng Pagkain]
- Foster Care [Pangangalaga ng Taong Hindi Tunay na Magulang]
- In-Home Support Services [Mga Lingkurang Pang-alalay sa Tahanan]
- Kinship Guardian Assistance (Kin-GAP) [Tulong sa Guardian na Kamag-anak]
- Mental Health [Kalusugang Pangkaisipan]
- Multipurpose Senior Services Program (MSSP) [Programang mga Lingkurang Inilaan para sa Iba't Ibang Layunin na Pangsenior]
- Personal Care Services Program (PCSP) [Programang mga Lingkurang Pampersonal na Pangangalaga]
- Refugee Cash Assistance [Salaping Tulong para sa Refugee]
- Social Services [Mga Lingkurang Panlipunan]



STATE OF CALIFORNIA
(ESTADO NG CALIFORNIA)

HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY
(AHENSYA NG MGA LINGKURANG
PANGKALUSUGAN AT PANTAO)

DEPARTMENT OF SOCIAL SERVICES
(DEPARTAMENTO NG MGA
LINGKURANG PANLIPUNAN)

Itong pamphlet ay makukuha sa inyong Lokal na Opisina ng Welfare ng County at sa www.cdss.ca.gov sa mga sumusunod na wika:

- | | | |
|-------------|--------------|----------------------------|
| • Arabic | • Japanese | • Russian |
| • Armenian | • Korean | • Spanish |
| • Cambodian | • Lao | • Spanish Malalaking Letra |
| • Chinese | • Mien | • Tagalog |
| • Farsi | • Portuguese | • Ukrainian |
| • Hmong | • Punjabi | • Vietnamese |

Makukuha rin sa malalaking letra, Braille, at Audio CD

Pub 13 (Tagalog) (6/11)

ANG MGA KARAPATAN NINYO

AYON SA MGA PROGRAMANG WELFARE NG CALIFORNIA



.....para sa mga taong nag-aaplay para sa o tumatanggap ng tulong ng gobyerno sa California



Ipaalam sa amin kung kailangan ninyo ng tulong dahil sa isang kapansanan.



Humiling ng tagapagsalin na walang bayad

ANG MGA KARAPATAN NINYO

Kailangang igalang ng lahat ng mga tao at ng mga organisasyon na nagkakaloob ng tulong sa madla ang mga karapatan ninyo. Maaari nila kayong tulungang umintindi at mag-aplay para sa mga benepisyo at mga serbisyo.

- You have the right to an interpreter free of charge
- Usted tiene derecho a un intérprete gratis.
- У вас есть право на бесплатные услуги переводчика
- 您有權免費獲得口譯員服務。
- May karapatan kayong magkaroon ng tagapagsalin na walang bayad.
- Quý vị có quyền được một thông dịch viên miễn phí.
- Koj muaj txoj cai yuav ib tug neeg txhais lus pub dawb.
- لديك الحق في الحصول على مترجم دون أية تكلفة.

- Դուք անվճար թարգմանչի իրավունք ունեք:

- អ្នកមានសិទ្ធិទទួលអ្នកបកប្រែ

ඳෝඞඞිඞඞඞඞඞඞඞඞඞඞඞඞ

- 여러분은 무료 통역 서비스를 받을 권리가 있습니다.
- شما حق داشتن مترجم رایگان را دارا می باشید.
- ທ່ານມີສິດຂໍໃຫ້ມີນາຍພາສາ
- ມາຊ່ວຍແປໂດຍບໍ່ເສັງຄ່າ
- ਤੁਹਾਨੂੰ ਬਿਨਾਂ ਲਾਗਤ ਦੁਬਾਰੀਏ ਦਾ ਹੱਕ ਹੈ।
- Ви маєте право на безкоштовні послуги перекладача.
- Você tem direito a um intérprete gratuito.
- あなたには無料で通訳を利用する権利があります。
- Meih maaih leiz duqv mienh tengx meih faan waac kungx.

MAY KARAPATAN KAYO NA ...

- Maintindihan kung ano ang nangyayari sa inyong aplikasyon at tulong.
- Makakuha ng nakasulat at pasalitang paliwanag tungkol sa inyong aplikasyon at tulong.
- Makakuha ng resibo para sa anumang dokumento na

isusumite ninyo.

- Makita ang record ng kaso ninyo.
- Makita ang mga batas at regulasyon ng estado at ng county.
- Humiling sa isang hukom na pag-aralang muli ang anumang desisyon ng county tungkol sa inyong pagiging karapat-dapat, mga benepisyo, o mga serbisyo.
- Huwag makaranas ng diskriminasyon sa pagtanggap ng mga benepisyo o mga serbisyo ng programa.
- Magharap ng sumbong tungkol sa diskriminasyon.
- Makakuha ng ekstrang tulong mula sa mga tauhan ng county para makatiyak na makukuha ninyo ang mga benepisyo ninyo kung mayroon kayong kapansanan o kahinaan na nakapagpapahirap na maintindihan ang mga tuntunin ng programa.
- Panatilihing kompidensyal ang impormasyong nauukol sa inyo.
- Tratuhin nang magalang at may respeto.

KUNG NAGKAKARON KAYO NG MGA PROBLEMA TUNGKOL SA INYONG TULONG O MGA SERBISYO:

- Magtago ng records** ng lahat ng mga impormasyong nauukol sa inyo, mga dokumento, at mga pakikipag-alam ninyo sa county.
- Humingi ng resibo** kapag nagsusumite kayo ng anuman.
- Maaari kayong **magdala ng sinumang** kasama sa inyong miting ng worker ninyo.
- Pagharap ng Sumbong**. May 4 na paraan para gawin ito:
 - Impormal*: Maaari kayong humiling na makausap ang isang superbisor para pag-usapan ang mga problema ninyo sa isang worker o para ipaliwanag ang mga tuntunin at ang iminumungkahing aksyon sa inyong tulong o mga serbisyo.
 - Pagdinig ng Estado*: Humiling ng pagdinig ng estado kung mayroong problema sa inyong tulong o mga serbisyo. **Kailangan kayong humiling ng pagdinig sa loob ng 90 araw pagkatapos ng aksyon ng county**. May pagkakataong maaari kayong mag-file pagkaraan ng 90 araw kung mayroon kayong mabuting katwiran, tulad ng sakit o kapansanan.
 - Sumbong ng diskriminasyon*: Kung sa pakiramdam ninyo ang county ay kumiling laban sa inyo, maaari kayong magharap ng sumbong ng diskriminasyon sa Civil Rights Coordinator ng County o sa State Civil Rights Bureau, at sa Gobyernong Pederal. Kailangan ninyong gawin ito sa loob ng 180 araw pagkatapos ng diskriminasyon. Para sa karagdagang impormasyon tungkol dito, tingnan ang seksyon na nagsisimula sa “Ipinagbabawal na Diskriminasyon.”

Kung naaapektuhan din ng diskriminasyon ang inyong mga benepisyo o mga serbisyo, **dapat din kayong humiling ng pagdinig ng estado** kung gusto ninyong tutulan ang desisyon ng county tungkol sa inyong mga benepisyo or mga serbisyo.

- Reklamo [Grievance]*: Maaari kayong magreklamo sa county kung mayroon silang paraan sa paghaharap ng reklamo. **Hindi nito pinoprotektahan ang inyong mga benepisyo** tulad ng proteksyon na naibibigay ng paghiling ng pagdinig ng estado.

MGA PAGDINIG NG ESTADO

- Maaari kayong humiling ng pagdinig ng estado kailanman na hindi kayo sang-ayon sa isang aksyon ng county tungkol sa inyong mga benepisyo o mga serbisyo.
- Maaari rin kayong humiling ng pagdinig ng estado kung hindi kayo binibigyan ng county ng mga benepisyo o mga serbisyo na sa palagay ninyo ay dapat ninyong matanggap.
- Ang pagdinig ng estado ay dinidinig ng isang Hukom ng Batas Administratibo ng estado. Ang county ay magpapadala ng kinatawan sa pagdinig para magpaliwanag kung bakit nila isinagawa ang kanilang aksyon.
- Ang pagdinig ng estado ay hindi isang pagdinig ng korte. May karapatan kayong magsama ng kinatawan ninyo. May mga serbisyo tungkol sa batas na libre sa bawat county. Nakalista ang mga ito sa likod ng mga notisya na ipinadadala sa inyo ng county. Maaari kayong magdala ng mga testigo. May karapatan kayong magkaroon ng tagapagsalin na walang bayad. Itanong sa county kung paano makakuha ng tagapagsalin.
 - Kung ang problema ninyo ay tungkol sa General Assistance o general relief, dapat kayong humiling ng pagdinig ng county.
 - Kung ang problema ninyo ay tungkol sa mga benepisyo ng Social Security, dapat ninyong kontakin ang Social Security Administration.

Pagpapatuloy ng Inyong Tulong o Mga Serbisyo Habang Hinihintay ang Pagdinig ng Estado

Kailangan bigyan kayo ng county ng notisya nang 10 araw man lamang bago isagawa ang anumang aksyon para baguhin ang inyong tulong o mga serbisyo. Kung humiling kayo ng pagdinig bago maisagawa ang aksyon, maaaring makuha ninyo ang “bayad ang tulong habang hinihintay” [“aid paid pending”] ang inyong pagdinig. Ang ibig sabihin nito ay mananatiling pareho ang inyong tulong hanggang makakuha kayo ng desisyon ng pagdinig.

DAPAT kayong humiling ng pagdinig para sa anumang bagong notisyang matatanggap ninyo, kung hindi kayo sang-ayon.

PAANO HUMILING NG PAGDINIG NG ESTADO

- Telepono: Humiling ng Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng pagkontak sa CA Department of Social Services [Departamento ng mga Lingkurang Panlipunan ng CA] sa (800) 743-8525 o (800) 952-5253
- Sulatan ang likod ng inyong Notice of Action [Notisya ng Aksyon] (NOA) o magpadala ng nakasulat na kahilingan sa: CDSS, State Hearing Division 744 P Street M.S. 09-17-37 Sacramento, CA 95814

IPINAGBABAWAL NA DISKRIMINASYON

Ayon sa batas Estado, hindi kayo maaaring pagkalooban ng mga ahensya ng welfare ng tulong, mga benepisyo o mga serbisyo na naiiba sa tulong na ipinagkakaloob sa mga ibang tao batay sa

Lahi, Kulay, Bansang Pinagmulan (kasama ang wika), Pangkat Etniko na Kinabibilangan, Gulang, Kapansanan, Relihyon, Kasarian, Kinahihiligang Kasarian, Pagkakaanib sa Politika , Estado Sibil, o Domestic Partnership

Ipinagbabawal din ng mga batas Pederal ang diskriminasyon sa ilan, pero hindi sa lahat, ng mga batayang nakalista sa itaas. Ipinagbabawal din ng mga batas Pederal:

- Ang pag-antala o pagkait sa pag-aareglo na ampunin ang isang bata o ilagay sa pangangalaga ng taong hindi tunay na magulang [foster care] batay sa lahi, kulay o bansang pinagmulan ng mga magulang na tagapag-ampon o foster, o ng bata;
- Ang pagkait sa sinumang tao sa pagkakataong maging magulang na tagapag-ampon o foster batay sa lahi, kulay o bansang pinagmulan ng tao o ng batang kaugnay.

HALIMBAWA NG DISKRIMINASYON

- Hindi kayo binigyan ng County ng tagapagsalin na walang bayad..
- Mas maraming programa at mga serbisyo ang binangggit ng isang worker sa isang partikular na pangkat etniko kaysa sa mga taong nabibilang sa ibang etnisidad.
- Hindi kayo tinutulungan ng County na makakuha ng mga audio tape ng orientation ng isang programa